

References:

- Training of Trainers on AgriPinoy Program, Training Manual. Philippine Rice Research Institute, Science City of Munoz, Nueva Ecija. November 8-12, 2010.
- Natural Farming Inputs. Paper presented during the Training of Trainers on Organic Agriculture, October 24-28, 2011. Bacolod City, Negros Occidental.

Production Team

Consultants

Renato A Maguigad
Center Director

Imelda M. Guillermo
Head, Technical Support Services

Marites E. Frogoso
Head, Training Services

Dr. Jimmy Q. Abarabar
Coordinator Organic Agriculture

Writers

Ma. Norma G. Maddalora
Info. Officer II

Claris M. Alaska
Agriculturist II

Proofreader
Arlyn G. Ong

Layout and Design

Teodoro B. Bauí
Artist Illustrator II



Reprinted by:
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
Diliman, Quezon City

PARAAN NG PAGGAWA NG “LACTIC ACID BACTERIA SERUM” (LABS)



Department of Agriculture
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
Regional Training Center-Region 2
Cabagan, Isabela and San Mateo, Isabela

Ang Lactic Acid Bacteria Serum o LABS ay serum mula sa *lactobacillus bacteria*. Ang *Lactobacillus bacteria* ay ginagamit sa paggawa ng keso, *yogurt* at mga produktong may *lactic acid* at marami pang iba.

Pangunahing pagkain ng *lactobacillus* ang *starch* o *carbohydrates* mula pinaghugasan ng bigas. Kapag inimbak ang darak mula sa bigas at mais ng ilang araw ito ay pamamahayan ng mga *lactobacilli*. Sa pamamagitan ng isang *biological process*, ang asukal mula sa prutas, bigas o tubo ay nagiging *cellular energy* sa tulong ng mga *lactobacillus bacteria*. *Lactic Acid* ang produktong nakukuha dito.

Gamit ng LABS:


- Ginagamit ang LABS bilang disinfectant at biocide.
- Pinalalakas nito ang halaman laban sa sakit at pesteng mikrobyo.
- Mainam itong pang-isprey sa mababahong lugar.

Mga Kakailanganing Materyales:

- Plastic na lalagyan
- Hugas bigas (kinilis)
- Tali
- Malinis na papel
- Molasses
- Gatas na Fresca

Paraan ng Paggawa:


1. Maglagay ng kalahating litrong hugas bigas (kinilis) sa plastic na lalagyan.




2. Takpan ng malinis na papel, taliang mabuti at lagyan ng label.

3. Ilagay sa malamig, madilim at malinis na lugar.

4. Pagkatapos ng 5-7 araw, kung ang darak ay pumaibabaw na, kumuha ng 100 ml na klarong tubig mula rito.



5. Ilagay ang nakuhang tubig sa plastic na lalagyan at haluan ng 1 litrong gatas na fresca.




6. Takpan at lagyan ng label at ibalik sa malamig at madilim na lugar.

7. Pagkatapos ng 3-5 araw, kung naghiwalay na ang dilaw na tubig (whey) at puting "curd", tanggalin ang "curd" at gamitin lamang ang whey.



8. Dagdagan ng molasses ang whey sa ratio na 1:1 upang mapanatili ang bisa ng LABS sa mahabang panahon.



9. Ilagay ito sa tamang lalagyan at lagyan ng label.

Paraan ng Paggamit ng Serum:

- Maghalo ng 2 kutsarang serum sa 1 litrong tubig o 1-2 lata ng sardinas sa bawat 16 litrong tubig.
- Isprey sa dumi ng mga alagang hayop upang maalís ang mabahong amoy o sa kompos upang mapadali ang pag "decompose".
- Mag-isprey sa umaga o hapon lamang.